### Abstract

Reflecting on the deadly raid on Central Panay last December 30, 2020, and subsequent gruesome events in early 2021, I reviewed images from the 2014 Tumandok assembly I was able to attend as an undergrad student. I wrote verses describing selected pictures, as well as recreating my memories of the experience. The struggle of the Tumandoks for their ancestral land started much longer before this pandemic, and when we aspire for this medical crisis to be over, this long poem hopes that may it also extend to seek an end all injustices anywhere.



### Keywords

Tumandok Massacre, Jalaur Mega Dam Project, Panay, indigenous peoples, human rights


### English title

Reviewing Pictures from the Visit

# PAGBUKAS MULI SA MGA LITRATO NG PAGBISITA


**ERIC ABALAJON**

UNANG LITRATO. NAGSIMULA kaming maglakad papunta sa barangay kung saan ang pagtitipon. Malapit na mag-alas-otso nang bumaba kami sa mga inokupahang mga jeep na naghatid sa amin galing sa siyudad ng Iloilo. Ikatlong Sabado ng Enero kaya malamig pa, halos lahat ay naka-jacket at sombrero. Tinanong ko kung gaano kalayo, sabi ng guro ko, isa't kalahating oras. Apatnapu't lima kung sila-sila lang, saka siya tumawa. Hindi sementado, matarik ang daanan, kaya kailangan lakarin. Kayang i-motor kung meron, sadyang bihira ang sasakyan dito. Humahaba ang prusisyon namin kung iniiwasan namin ang hanggang binting putik sa gitna ng landas. *Hindi ko man lang maalala ang eksaktong pangalan ng mga lugar*.

Ikalawang litrato. Kadalasan ay manipis na gubat ang sa paligid pero meron din malalawak na patag, mabato at hindi puwede pagtaniman. Tanong ng kasama kong estudyante din, may lugar ba kung saan puwede magpahinga mamaya. Tumawa ulit ang guro namin, wala pero puwede tayo magdahan-dahan sa paglakad. May ilang mga poste ng kuryente na palihis na, at nakalawit ang mga kable, hindi pa umano nakumpuni pagkatapos dumaan dito ang Bagyong Yolanda. Sabi ko, puwede ba akong kumuha ng mga litrato. Oo naman, sabi ng guro namin, 'wag mo lang ipakita mga mukha natin. *May nagyaya pa sa akin na dumalo sa Ati-atihan noon, sabi ko may lakad ako.*

Ikatlong litrato. Nakita namin sa malayo ang amin destinasyon. Ang malapad na bubong, nabubura ang pulang pintura, ay ang gym kung saan gaganapin ang assembly. Sa puntong iyon, natutuhan na naming lasapin ang mga magaang sandali kung saan pababa kami. Naghintay muna ang mga nauna sa amin bago pumasok sa barangay. Mabilis na kumustahan, lalo na sa mga unang sabak, hindi makikita ang pagod sa mga maaliwalas na mga mukha. Humanay kami at naghanda, nag-ensayo ng ilang koro. Pakitang suporta sa mga Tumandok. Kahapon, may lumapag daw na helicopter malapit sa mga kabahayan. Wala namang ginawa, hindi bumaba ang mga sundalo. Tinabihan lang ang espasyo ng pagtitipon. Sanay na ang mga tao sa ganitong taktika. Hindi man kasinglakas ng elise ang aming mga sigaw, ito'y malugod na tinatanggap. *Dahil naging brutal ang pandemya, tila hindi na naproseso ang balita ng isa pang masaker bago matapos ang taon.*

Ikaapat na litrato. Mahigpit ang seguridad sa gym. Binigyan kami ng mga name tag na sinulatan namin ng pangalan. Kailangan itong suutin sa lahat ng panahon, para malaman na mga kaibigan kami. Walang mga upuan sa gym, pumuwesto lang kami sa isang tabi, tulad ng daan-daang taong nauna sa amin. Mamaya na daw kami pupunta sa bahay na tutulugan,

tuloy ang pagpapakilala sa mga dayo. Ang pagbasag ng gusali sa linaw ng boses ng may hawak sa mikropono ay hindi hadlang sa palakpakan, ang pinakamasigasig ay galing sa mga bata. Nakita namin na ayaw papasukin ang isang crew ng midya. Sabi sa akin, pinagsamantalahan daw nila ang tiwala ng komunidad dati. Hindi nalimutan ng mga Tumandok. Bitbit ang kanilang kamera, nagsimulang maglakad ulit ang tatlong lalaki pabalik sa bayan kung saan kami nagsimula. *Umalma na din kaya ang lahat ng bumili ng mga mamahaling libro ng mga epiko?*

Ikalimang litrato. Simula na ng programa. Mga talumpati ng kumustahan at maapoy na salubong sa pagtitipon. Payak at maliit lang ang entabladong gawa sa kawayan, sa likod nito may trapal kung saan nakasulat ang mahabang pamagat at tema ng okasyon; nililinaw kung sino ang mga kaibigan at kung sino ang kaaway. Ang pasimuno ay ang kasalukuyang rehimen, ang natalong kandidato sa pagka-bise, at isang beteranong senador. Ang huling dalawa, madalas ipinapaalala na sila ay mga tagadito, taga-Panay, at tagadala ng biyaya mula sa Maynila, mula sa ibang bansa. Maya-maya pa ay may nagsayawan sa entablado; intermisyon, sayaw ng panliligaw, walang mga instrumento, ang entablado mismo ang hinahampas para gumawa ng ritmo. Tingnan mo mamaya, sabi ng kasama kong nauna sa amin, sa gabi lahat sila sumasayaw. Kinabahan ako nang konti sa pagkalog ng entablado pero ang mga mananayaw ay pumasok na sa ibang mundo. *Naglabas din ng pahayag ang Pambansang Museo pagkalipas ng ilang araw, pero tungkol ito sa mga katutubong tela ng Panay.*

Ikaanim na litrato. Pagkatapos ng tanghalian ay lumipat kami sa isang silid-aralan para sa konsultasyon. Mga kalalakihan ang kasama, inayos namin sa isang bilog ang mga upuan. Pinag-usapan ang mga problema. Sinusundan. Pinapangakuan. Tinatakot. Ibenta na ang lupa para puwedeng gawan ng kulungan. May trabaho para sa mga Tumandok, kesa naman tuloy na malubog sa utang dahil sa pagsasaka. Sabi ng babaeng organisador, hindi totoo na may ganyang proyekto. At kung totoo man, diyan pa siguro kukunin, at itatago, ang mga papatay sa inyo. Merong ilan na nakakalimot at bumibigay sa mga ahente ng estado. Pinagalitan sila, hindi tayo magtatagumpay kung magpapadala sa takot, tahimik lang ang iba, walang panghuhusga, malalim ang pag-unawa sa sitwasyon, sa kanilang kinalakihan. *Pagkaraan ng ilang buwan, pinatay din ang kapitan sa katabing barangay na saksi sa masaker, ramdam daw niyang siya ang isusunod.*

Ikapitong litrato. Malapit sa pampublikong banyo ang kusina, isang barong-barong para sa dalawang araw. Naglalakihan ang mga baga at

mga kaldero, mataas ang tumpok ng panggatong. Nagpapahinga ang mga kusinero sa isang sulok sa una kong daan doon, mahaba pa ang paglaga ng baboy. Unang beses akong kumain ng ampalaya, unang beses sa mahabang panahon kumain ng hipon. Nilibing ko ang arte sa pagkain dahil sa pagkamangha, sa kakayahang mapakain ang ganoon kadaming tao. Sa bawat pagdaan ko papunta sa banyo, naluluha ako sa usok. *Sa siyudad ng Iloilo, sinaksak din sa ulo ang abogado ng mga inarestong Tumandok, nakaligtas daw siya dahil nagpanggap siyang patay na.*

Ikawalong litrato. Maaga kaming nagising. Dahil ulit sa lamig. Pinag-usapan ang mga talumpati sa nakaraang araw. Ang batang umawit ng komposo tungkol sa pagpatay sa kanyang ama. Habang may sumasayaw, binabanggit isa-isa ang mga pangalan ng mga pinatay. Ito ang kahulugan ng lupang ninuno. Wala pa ang almusal pero may kape na. Walang asukal, at nakalagay sa mataas na basong gawa sa plastik. Hindi ko maipaliwanag ang linamnam, habang iniinom, masisilip mo ang mga butil ng kape sa ilalim. Hanggang sa pag-uwi namin, kada dighay ko, nalalasahan ko ang busay. *Nais mang ilubog, buhay ang epiko sa puso ng Panay.*